**_METRO-DAGUPAN COLLEGES_**
**_Serafica Street, Mangaldan, Pangasinan_**

METRO-DAGUPAN COLLEGES
COLLEGE LIBRARY

COMPLIMENTARY

TH-000005

01 JAN 2017

# ANG KAHALAGAHAN NG SINING NG DULA SA PAARALAN BILANG PAGPAPAUNLAD NG PAGKATAO NG MGA MAG-AARAL

Isang Tesis na
Iniharap sa mga Guro ng
Paaralang Gradwado sa Metro-Dagupan Colleges

BHPIIC-1

Bilang Parsyal
Na Gawaing Kailangan sa Kursong
Batsilyer ng Edukasyonng Pangsekundarya

Nina :
Aquino, Josie S.
Bautista, Analie A.
Jimenez, Diana C.
Ventura, Rhodora D.

METRO-DAGUPAN COLLEGES
MANGALDAN, PANGASINAN

METRO DAGUPAN COLLEGES

Metro Dagupan Colleges Library

TALAAN NG MGA NILALAMAN

PAMAGAT NG PAHINA

ABSTRAK NG TESIS ii

DAHON NG PASASALAMAT iii

Kabanata I. Ang Suliranin at saligan ng Pag-aaral

Panimula 1

Teoritikal na Balangkas 2

Paglalahad ng mga suliranin 3

Saligang Pala-palagay 5

Sakop at Hangganan ng Pag-aaral 6

Kahalagahan ng Pag-aaral 6

Sanggunian ng mga Talasalitaan 7

Kabanata II. Mga Kaugnayan ng Pag-aaral 8

Kabanata III. Disenyo at Pamamaraan ng Pananaliksik

Mga Instrumentong Ginamit 17

Pagsusuri ng mga Datos 17

Mga Kalahok sa Pag-aaral 18

Ginamit sa Datos 18

Kabanata IV. Paglalahad, Pag-susuri at Pagpapakahulugan sa mga Datos 19



Metro Dagupan Colleges Library

Kabanata V. Buod, Konklusyon Rekomendasyon

Buod 31

Konklusyon 31

Rekomendasyon 32

TALA-SANGGUNIAN 33

APPENDISIS 34

TALA NG BUHAY 44

Metro Dagupan Colleges Library

Tesis Abstrak

Pamagat:

Ang Kahalagahan ng Sining ng Dula sa Paaralan bilang Pagpapaunlad ng Pagkatao ng mga Mag-aaral

Mananaliksik:

Bb. Josie Aquino

Bb. Analie Bautista

Bb. Diana Jimenez

Bb. Rhodora Ventura

Kurso:

Batsilyer ng Edukasyon Pangsekundarya

Nagpapakadalubhasa/ Midyor ng Filipino

Paaralan:

Metro-Dagupan Colleges

Tagapayo: Gng. Romae R. De Asis

Editor: Gng. Romae R. De Asis



Metro Dagupan Colleges Library

***Panimula***

Likas sa mga Pilipino ang mga katangiang nagbibigay sa kanya ng lakas upang harapin ang anumang pagsubok na dumating sa kanilang buhay. Kahit anumang mga pagsubok ang dumarating sa kanyang buhay ay nagagawa pa rin niyang ngumiti at tumawa sa lahat ng mga kamalasan sa buhay. Dahil dito napapanatili niya ang katinuan ng kanyang isip at damdamin sa pakikibaka sa mga problemang dumarating sa kanyang buhay.

Dula ang sagot sa pangangailangang ito ng mga Pilipino at batid nila ito. Noong unang panahon maging sa kasalukuyan hindi maitatatwa ang lubos na pagkahilig ng mga Pilipino sa mga dulang bayan.

***Teoritikal na Balangkas***

Ang pangunahing paniniwala konseptwal na balangkas at katuturan ng mga salitang inilahad ay matutunghayan sa bahaging ito. Ang pag-aaral ng dula ng Pilipino ay napakahalaga sa bawat mag-aaral na Pilipino sapagkat dito nasasalamin ang kasaysayan ng buhay ng ating mga ninuno ang ating bansa mula sa panahon bago dumating ang mga Kastila hanggang sa kasalukuyan. At ito ay isang anyo ng panitikang isinulat upang itanghal, makaaliw, umantig ng damdamin at magbigay ng magandang asal. Kaya't ang mga mananaliksik ay nakabuo ng tatlong kahalagahan ng dula. Ito'y ang mga sumusunod, una ay ang mahubog ang pagkatao ng isang kabataan dahil sa pagsali nila sa mga dula-dulaan nasasanay silang humarap sa maraming tao at natatanggal ang kanilang



Metro Dagupan Colleges Library

pagkamahiyain. Ang pangalawang kahalagahan nito ay ang mararagdagan ang kanilang kaalaman sa pag-arte at para magkaroon sila ng kaalaman tungkol sa iba't-iba ng katawagan sa pag-arte, at ang pangatlo ay ang magdulot ng kasiyahan sa madla.

***Paglalahad ng Suliranin***

Inilalahad ng pag-aaral na ito ang kahalagahan ng sining ng Dula sa paaralan bilang pagpapaunlad ng pagkatao ng mga mag-aaral.

Para malutas ang problemang ito, narito ang mga sumusunod na katanungan.

1. Anu-ano ang mga katangian ng dula?
2. Sa anong pamamaraan nakakatulong ang mga katangiang ito sa mga sumusunod.
   a. pisikal
   b. intelektwal
   c. emosyonal
   d. ispiritwal
   e. sosyal
3. Sa anong paraan nakakaapekto ang dula-dulaan sa limang aspeto ng kanilang pagkatao?
4. Sa anong uri ng dula ang mas higit na kinagigiliwan ng mga manonood?
5. Ano ang epekto ng dula-dulaan sa mga mag-aaral?

Metro Dagupan Colleges Library

*Saligang Pala-Palagay*

Ang dula-dulaan ay nagbibigay buhay sa paghubog sa mga mag-aaral para umunlad ang kanilang pagkatao.

***Buod***

Ang pananaliksik na ito, na pinamagatang "Ang Kahalagahan ng Sining ng Dula sa Paaralan Bilang Pagpapaunlad ng Pagkatao ng mga Mag-aaral" ay naglalayong mahubog ang pagkatao ng mga mag-aaral; madagdagan ang kanilang kaalaman sa pag-arte; at makapagdulot ng kasiyahan sa madla.

Ang mga kasapi sa pananaliksik na ito ay ang mga mag-aaral sa Pambansang Mataas na Paaralan ng David na nasa unang taon, na kung saan ang pagkakaroon ng dula-dulaan ay bahagi ng kanilang pag-aaral.

***Konklusyon***

Pagkatapos ng pagsusuri at interpretasyon sa pag-aaral na ito, ang mga mananaliksik ay nakabuo ng konklusyon, ito ay ang mga sumusunod.

Ang dula-dulaang ito ay nakakatulong sa paghubog ng pagkatao ng isang indibidwal; nakapagdudulot ito ng inspirasyon sa tao upang magkaroon ng magandang pananaw sa buhay; ito'y nagsisilbing daan sa landas na tatahakin ng isang tao; nagiging gabay niya ito upang hindi siya mapariwara sa mga suliraning kanyang tatahakin at nagsisilbi itong isang alaala upang sa anumang pagsubok ang dumating magiging



Metro Dagupan Colleges Library

repleksyon ito sa kanya na nakakintal sa kanyang isipan na hindi na maaaring mawaglit pa.

***Rekomendasyon***

Ang mga sumusunod na rekomendasyon ay ilan sa mga nabuo ng mga mananaliksik.

a. Dapat ay magpalabas ng dula-dulaan na makapag-aakit sa mga kabataan upang maiwasan ang pagkalulong sa masamang bisyo;

b. Dapat suportahan ng Institusyon lalung-lalo na ang Unibersidad ang ganitong mga gawain;

k. Dapat mabigyan ng pondo ang mga gawaing tulad nito;

d. Dapat makapag-anyaya ng mga taong may karanasan tungkol sa dulang nauugnay sa kanilang buhay;

e. Dapat magkaroon ng "workshop" sa paaralan upang lalong maipamalas ang mga talento ng mga mag-aaral.



Metro Dagupan Colleges Library